Oktubre 13, 2025

**Paksa: Lake Dolloff NTS '24 – 38th Ave S / S 328th St**

Mahal na Mga Residente ng Kapitbahayan:

Nagsumite ang mga residente sa inyong kapitbahayan ng kahilingan sa Lungsod sa pamamagitan ng Programa para sa Neighborhood Traffic Safety Program (Kaligtasan sa Trapiko sa Kapitbahayan, NTS) upang tugunan ang kaligtasan sa trapiko sa 38th Ave S at S 328th St. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Programa para sa NTS, bisitahin ang https://www.federalwaywa.gov/page/neighborhood-traffic-safety-program.

Nagsagawa ang Lungsod ng pag-aaral sa trapiko batay sa pamantayan ng NTS at natukoy na nararapat ang paglalagay ng mga traffic calming device. Nasa ibaba ang mga resulta na may pinakamababang 3.0 na marka na kailangan upang maging kwalipikado para sa programa:

| Kalsada | 85% Bilis (mph) | Araw-araw na Trapiko | Parke o Paaralan | Pagkakaroon ng Bangketa | # ng mga Banggaan sa loob ng 5 taon | # ng mga Banggaan sa loob ng 5 taon na may Pinsala/ Pagkamatay | Kabuuang Score |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 38th Ave S @ S 328th St (Minor Collector Street, 25 mph) | **30** | 1,157 | Hindi | Alinmang Bahagi | 0 | 0 | - |
| S 328th St @ 38th Ave S (Minor Collector Street, 25mph) | 29 | **1,181** | Hindi | Alinmang Bahagi | 0 | 0 | - |
| Nakuhang Score | **1.5** | **0.5** | **0.0** | **1.0** | **0** | **0** | **3.0** |

Isang pagpupulong tungkol sa kaligtasan sa trapiko ng kapitbahayan ang isinagawa nang online sa Zoom noong Enero 16, 2025. Nagkasundo sa pangkalahatan ang 7 residenteng dumalo na ang pagbabawas ng bilis sa 38th Ave S / S 328th St ay isang prayoridad. Ipinahayag din ng mga dumalo ang kanilang pag-aalala sa kaligtasan dahil sa pakiramdam na hindi ligtas maglakad sa kalsada, lalo na sa kurbada. Bagaman isinasaalang-alang ang lahat ng opsyon at mga traffic calming tool, ang mga Speed Hump ang pinakapopular na opsyon.

**Mungkahi:**
Batay sa mga alalahaning ito, binuo ang Opsyon 1 (sa ibaba) upang pabagalin ang mga sasakyan at pigilan ang iba pang delikadong pagmamaneho sa 38th Ave S at S 328th St. Sa pamamagitan ng pagbabawas ng bilis ng sasakyan na naibibigay ng speed hump at pagpapahusay ng visibility ng kurbada gamit ang mga chevron sign, dapat mapabuti ang kaligtasan ng kapitbahayan para sa mga motorista, siklista, at mga naglalakad.

***Opsyon 1 – Isang (1)Speed Hump at Maraming Chevron Sign***
Ang opsyong ito ay maglalagay ng isang (1) speed hump sa 38th Ave S at maraming chevron sign sa kurbada gaya ng ipinapakita sa kalakip na larawan. Ilalagay ang speed hump malapit sa sumusunod na address:

- 32837 38th Ave S

Dapat maging epektibo ang mga mungkahing kagamitan sa pagpapababa ng bilis ng mga sasakyan at pagpapabuti ng kaligtasan ng mga sasakyan at naglalakad. Gayunpaman, maaaring magkaroon ng ilang negatibong epekto sa komunidad tulad ng abala at marahil bahagyang pagtaas ng oras ng pagresponde sa emergency. Ang pagboto para sa Opsyon 1 ay nangangahulugang sinusuportahan mo ang paglalagay ng lahat ng kagamitang ito.

***Opsyon 2 – Walang Gagawin***
Ang opsyong ito ay hindi maglalagay ng anumang traffic calming device at mananatili ang kalsada sa kasalukuyang kondisyon nito.

**Natitirang bahagi ng Proseso:**
Dapat matugunan ng paglalagay ng mga traffic calming device ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Pagbobotohan ng mga residente sa loob ng 600 talampakan mula sa mungkahing traffic calming device, sinusukat sa kahabaan ng kalsada o ang tanging daan ng kanilang pag-access ang maaapektuhan.
- Kailangang makakuha ng botong 51% sa mga naibalik na balota.
- Dapat sumang-ayon ang Land Use & Transportation Committee (Komite sa Paggamit ng Lupa at Transportasyon, LUTC) ng Konseho ng Lungsod.
- Dapat aprubahan ng buong Konseho ng Lungsod.

Mangyaring maglaan ng oras upang punan ang balotang ito at isauli sa Lungsod bago o sa **Biyernes, Nobyembre 7, 2025**. Para mabilang, ang balota ay dapat may tatak na ng koreo sa o bago ang itinakdang petsa ng pagsusumite. Kung maaprubahan ng LUTC at pagkatapos ay ng Konseho ng Lungsod ang mga mungkahing traffic calming device, babayaran ng Lungsod ang paglalagay ng mga ito at itatakda ang pagsisimula ng gawain sa tag-init ng 2026. Kung mayroon kayong mga katanungan, alalahanin, o kailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa mungkahi ng NTS, mangyaring makipag-ugnayan sa akin, si Jason Kennedy - Senior Traffic Engineer (Nakatataas na Inhinyerong Pantrapiko), sa jason.kennedy@federalwaywa.gov o sa telepono sa 253.835.2744.

Taos-puso,

Jason Kennedy
Senior Traffic Engineer (Nakatataas na Inhinyerong Pantrapiko)

Mga Kalakip: Balota
Mapa ng Opsyon 1

cc: Rick Perez, P.E. – City Traffic Engineer (Inhinyerong Pantrapiko ng Lungsod)
File ng Proyekto